

**Pagsusuring tekstuwal, kontekstuwal, at subtekstuwal sa mga tulang pambatang
Kapampangan: Implikasyon sa pagtuturo ng pagsulat ng panitikan**

Reggie O. Cruz, EdD, PhD*¹, Jaymark A. Monforte, MAF²

¹ Mary the Queen College, Pampanga, ² Hulo Integrated School, Mandaluyong City

*Corresponding Author email: reggiecruzofficial@gmail.com

Received: 01 February 2026

Revised: 02 March 2026

Accepted: 07 March 2026

Available Online: 12 March 2026

Volume I (2026), Issue 1, P-ISSN – 3116-4390; E-ISSN - 3116-4404

<https://doi.org/10.63498/ijklchs1>

Abstrak

Layunin: Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang limang hindi nalathalang tulang pambatang Kapampangan ni Dr. Lucena P. Samson gamit ang tekstuwal, kontekstuwal, at subtekstuwal na pagbasa upang matukoy ang kanilang estruktura, temang kultural, at mga pagpapahalagang moral, gayundin ang implikasyon ng mga ito sa pagtuturo ng tula.

Metodolohiya: Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong disenyo na may documentary analysis. Ang mga datos ay binubuo ng limang tulang pambata na ibinigay ng may-akda. Isinagawa ang pagsusuri gamit ang mga pananaw pampanitikan na pormalismo, kulturalismo, at moralismo upang matukoy ang estruktura, konteksto, at mga nakatagong kahulugan ng mga tula.

Resulta: Lumabas sa pagsusuri na ang mga tula ay karaniwang may estrukturang kwarteto na may malinaw na sukat at tugma at gumagamit ng magagaan at payak na salitang angkop sa panulaang pambata. Ipinakita rin ng mga tula ang mga karanasang pangkultura ng mga batang Kapampangan tulad ng ugnayan sa pamilya, paglaki, at paghubog ng pagkatao. Bukod dito, makikita sa mga tula ang mahahalagang pagpapahalagang moral tulad ng paggalang sa magulang, pag-iingat sa sarili, at pag-amin sa pagkakamali.

Kongklusyon: Ipinapakita ng pag-aaral na ang mga tulang pambatang Kapampangan ay may malaking potensiyal na magamit bilang kagamitang pampagtuturo sa malikhaing pagsulat at panitikan. Ang mga ito ay maaaring magsilbing lunsaran sa paglinang ng kamalayan sa kultura, pagpapahalaga sa wika, at paghubog ng wastong asal sa mga mag-aaral.

Mga using salita: *pagsusuring tekstuwal, pagsusuring kontekstuwal, pagsusuring subtekstuwal, tulang pambata, panitikang Kapampangan*

PANIMULA

Ang panitikan ay nagsisilbing salamin ng kultura, karanasan, at pagpapahalaga ng isang lipunan. Sa larangan ng panitikang pambata, mahalagang papel ang ginagampanan ng mga akdang pampanitikan sa paghubog ng imahinasyon, kamalayang kultural, at pagpapahalagang moral ng mga kabataan. Sa maraming bansa, kinikilala ang panulaang pambata bilang mahalagang daluyan ng pagkatuto dahil naglalaman ito ng mga karanasang malapit sa buhay ng bata at nagagamit bilang kagamitang panturo sa wika, panitikan, at pagpapahalaga.

Sa konteksto ng Pilipinas, ang panitikan sa mga rehiyonal na wika ay patuloy na nagsisilbing mahalagang bahagi ng pagpapayaman ng pambansang panitikan. Gayunpaman, maraming akdang pampanitikan sa mga lokal na wika ang hindi gaanong napag-aaralan sa larangan ng akademikong pananaliksik. Isa sa mga larangang nangangailangan ng higit na pagsusuri ay ang tulang pambata sa wikang Kapampangan. Bagaman mayaman ang panitikang Kapampangan sa iba't ibang anyo ng panulaan, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na nagsusuri sa estruktura, kontekstong kultural, at mga pagpapahalagang moral na makikita sa mga tulang pambata.

Isa sa mga kinikilalang manunulat sa larangan ng panitikang Kapampangan ay si Dr. Lucena P. Samson, isang propesor at dating komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino na nagtaguyod ng panitikang Kapampangan. Ilan sa kaniyang mga tulang pambata ay nananatiling hindi nalalathala at bihirang masuri sa larangan ng akademikong pag-aaral. Dahil dito, nagkakaroon ng kakulangan sa sistematikong pagsusuri sa mga akdang ito na maaaring magsilbing mahalagang sanggunian sa pagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat.

Sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, mahalagang isaalang-alang ang iba't ibang antas ng pagbasa upang higit na maunawaan ang kabuuang kahulugan ng isang akda. Ayon kay Teodoro (2022), batay sa pananaw ng Pambansang Alagad ng Sining na si Bienvenido Lumbea, mahalaga ang pagsusuring nakabatay sa estetika at pagpapahalagang Pilipino upang mabigyan ng wastong pagpapahalaga ang mga likhang sining ng mga manunulat sa bansa. Sa ganitong pagtingin, ang pagsusuri sa mga akdang pampanitikan ay hindi lamang nakatuon sa anyo ng akda kundi pati na rin sa kontekstong kultural at mga pagpapahalagang nakapaloob dito.

Sa larangan ng panunuring pampanitikan, ginamit sa ilang pag-aaral ang iba't ibang teorya upang suriin ang estruktura at kahulugan ng mga akda. Sa pag-aaral ni Cruz (2013), ginamit ang pormalistang pananaw upang suriin ang estruktura ng mga tulang Kapampangan, kabilang ang sukat, tugma, paggamit ng tayutay, at iba pang elementong pampanitikan. Gayunpaman, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na nagsasama ng iba't ibang antas ng pagbasa, tulad ng tekstuwal (textual), kontekstuwal (contextual), at subtekstuwal (subtextual) na pagsusuri, sa pag-aaral ng mga tulang pambata sa wikang Kapampangan.

Dahil dito, nakita ang pangangailangan na magsagawa ng isang mas komprehensibong pagsusuri sa mga piling tulang pambatang Kapampangan upang matukoy ang kanilang estruktura, kontekstong kultural, at mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa mga ito. Sa pamamagitan ng paggamit ng pormalistiko (formalism), kultural (cultural criticism), at moralistiko (moralism) na pananaw, inaasahang maipapakita ang mas malalim na kahulugan ng mga akdang ito at ang kanilang potensiyal na magamit sa pagtuturo ng tula at malikhaing pagsulat.

Sa kabuoan, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang limang hindi nalathalang tulang pambatang Kapampangan ni Dr. Lucena P. Samson—"High School Na ku," "Dalaginding," "Tara na Tara na," "Kalupa ning Ayup," at "Berug nakung Tatang"—gamit ang tekstuwal, kontekstuwal, at subtekstuwal na pagbasa upang matukoy ang kanilang implikasyon sa pagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa mga mag-aaral.

Paglalahad ng Suliranin

Ang panitikan sa mga rehiyonal na wika ay mahalagang bahagi ng pagpapayaman ng pambansang kultura at identidad. Sa kabila ng yaman ng panitikang Kapampangan, nananatiling limitado ang mga akademikong pag-aaral na nakatuon sa pagsusuri ng mga tulang pambata na nakasulat sa wikang ito. Maraming akdang pampanitikan sa mga lokal na wika ang hindi pa lubusang nasusuri sa aspektong estruktural, kultural, at moral na maaaring magsilbing mahalagang sanggunian sa pagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat. Isa sa mga manunulat na nakapag-ambag sa panitikang Kapampangan ay si Dr. Lucena P. Samson na lumikha ng ilang tulang pambata na hindi pa nalathala at bihirang mapagtuunan ng sistematikong pagsusuri. Dahil dito, nagkakaroon ng kakulangan sa pag-unawa sa estruktura, kontekstong kultural, at mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga tulang ito, gayundin sa kanilang potensiyal na magamit bilang kagamitang panturo sa panitikan. Dahil sa kakulangang ito, kinakailangang magsagawa ng isang masusing pagsusuri sa mga piling tulang pambatang Kapampangan upang matukoy ang kanilang katangiang pampanitikan at ang implikasyon ng mga ito sa pagtuturo ng tula sa mga mag-aaral.

Layunin ng Pananaliksik

Pangkalahatang Layunin

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga piling tulang pambatang Kapampangan gamit ang tekstuwal, kontekstuwal, at subtekstuwal na pagsusuri batay sa mga pananaw na pormalismo, kulturalismo, at moralismo upang matukoy ang potensiyal ng mga ito sa pagtuturo ng tula.

Mga Tiyak na Layunin

1. Masuri ang estruktura ng mga tulang pambata batay sa kanilang sukat, tugma, paggamit ng tayutay, at temang tinatalakay.
2. Matukoy ang mga pagpapakita ng kaugalian, paraan ng pamumuhay, isyung panlipunan, at ugnayan ng kultura sa mga tulang pambata.
3. Makilatis ang mga pagpapahalagang moral at wastong pamamaraan ng pamumuhay na ipinapahayag sa mga tulang sinuri.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kinalabasan ng pagsusuri sa mga piling tulang pambatang Kapampangan batay sa tatlong antas ng pagbasa?
 - 1.1 Tekstuwal na pagsusuri gamit ang pormalistikong pananaw
 - 1.2 Kontekstuwal na pagsusuri gamit ang kultural na pananaw
 - 1.3 Subtekstuwal na pagsusuri gamit ang moralistikong pananaw
2. Ano ang implikasyon ng mga natuklasan sa pagtuturo ng tulang pambata sa wikang Kapampangan?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong pananaliksik na may documentary analysis. Ayon kay Vizcarra (2003), ang ganitong uri ng pananaliksik ay naglalayong magsuri at magpaliwanag ng nilalaman ng mga dokumento o nakalimbag na materyales tulad ng mga aklat, manuskripto, polyeto, at iba pang dokumentadong datos. Ang disenyo na ito ay angkop sa pag-aaral sapagkat ang pokus ng pananaliksik ay ang pagsusuri sa mga akdang pampanitikan, partikular sa mga tulang pambatang Kapampangan.

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang deskriptibong dokumentaryong pagsusuri upang mailarawan at masuri ang estruktura, kontekstong kultural, at mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa mga piling tulang pambata ni Dr. Lucena P. Samson. Isinagawa ang pagsusuri gamit ang tatlong antas ng pagbasa: tekstuwal, kontekstuwal, at subtekstuwal.

Populasyon at Pamamaraang Sampling

Ang korpus ng pag-aaral ay binubuo ng limang hindi nalathalang tulang pambatang Kapampangan na isinulat ni Dr. Lucena P. Samson. Ang mga tulang ito ay:

1. High School Na ku
2. Dalaginding
3. Tara na Tara na
4. Kalupa ning Ayup
5. Berug nakung Tatang

Ginamit sa pag-aaral ang purposive sampling, isang uri ng non-random sampling kung saan pinipili ng mananaliksik ang mga akdang susuriin batay sa kanilang kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Ang pamamaraang ito ay karaniwang ginagamit sa mga pag-aaral sa panunuring pampanitikan kung saan pinipili ang mga tekstong may kaugnayan sa paksa ng pananaliksik.

Ang pagpili ng mga tulang sinuri ay batay sa pamantayan na inilahad ni Wilson (2007) na nagsasaad na ang mga akdang pampanitikan na gagamitin sa pagsusuri ay dapat naaayon sa antas ng mga target na mambabasa at may malinaw na temang angkop sa karanasan ng mga bata.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pangunahing instrumento ng pag-aaral ay ang panunuring pampanitikan (literary analysis) na ginamit upang suriin ang mga napiling tulang pambata. Sa pagsusuri, ginamit ang tatlong pananaw pampanitikan:

- Pormalismo (Formalism) – upang suriin ang estruktura ng mga tula tulad ng sukat, tugma, tayutay, at sesura.
- Kultural na pananaw (Cultural criticism) – upang matukoy ang mga pagpapakita ng kaugalian, tradisyon, at kontekstong panlipunan na nakapaloob sa mga tula.
- Moralistikong pananaw (Moral criticism) – upang mailantad ang mga pagpapahalagang moral at aral na ipinahihiwatig ng mga akda.

Ang balangkas ng pagsusuri ay batay sa mungkahing pamamaraan nina Evasco et al. (2011) ukol sa makabagong pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.

Pangangalap ng Datos

Ang mga tulang ginamit sa pag-aaral ay kinuha mula sa manuskripto na ibinigay ni Dr. Lucena P. Samson, isang dating komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa wikang Kapampangan. Ang mga akdang ito ay hindi pa nalalathala at ginamit bilang pangunahing sanggunian ng pag-aaral.

Matapos makuha ang mga tulang susuriin, isinagawa ang sistematikong pagbabasa at pag-uuri ng mga elemento ng bawat tula upang matukoy ang kanilang estruktura, kontekstong kultural, at mga nakatagong mensahe.

Pagsusuri ng Datos

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng tatlong antas ng pagbasa.

Sa tekstuwal na pagsusuri, sinuri ang estruktura ng mga tula kabilang ang sukat, tugma, tayutay, at sesura upang matukoy ang pormal na katangian ng mga akda.

Sa kontekstuwal na pagsusuri, tinukoy ang mga elementong kultural na makikita sa mga tula tulad ng kaugalian, paraan ng pamumuhay, at mga panlipunang karanasan na sumasalamin sa kulturang Kapampangan.

Sa subtekstuwal na pagsusuri, sinuri ang mga nakatagong kahulugan, pagpapahalagang moral, at mga aral na ipinahihiwatig ng mga tula.

Ang mga natuklasan mula sa tatlong antas ng pagsusuri ay pinagsama upang mabuo ang kabuuang interpretasyon ng mga akda at upang matukoy ang implikasyon ng mga ito sa pagtuturo ng tulang pambata.

Etika sa Pananaliksik

Isinaalang-alang sa pag-aaral ang mga prinsipyong etikal sa paggamit ng mga akdang pampanitikan. Ang mga tulang ginamit sa pananaliksik ay nakuha nang may pahintulot mula sa may-akda. Tiniyak din ng mga mananaliksik na wastong kinilala ang pinagmulan ng mga akda at ang kontribusyon ng may-akda sa panitikang Kapampangan. Ang lahat ng impormasyon at datos na ginamit sa pag-aaral ay ginamit lamang para sa layuning akademiko at pananaliksik.

RESULTA AT PAGTALAKAY

"High School Na Ku"

"High School Na Ku"

Dr. Lucena P. Samson

Atatandanan ku anyang Grade 1 kupa
Etad nakung ma ku king eskwelang luma
Sinabi na kaku ya namang talaga
Ing lumang eskwelang pipagaralan na

Tatairan na ku king dalang malapad
Kaya yang sasabyan at pakasiwalat
Ining pamagaral dapat yang samasan
Ening talaturu sukat makiramdam

Ah, ngeni pala tsu na ku king "High School"
Enaku malati/ tune nang maragul
I Imang magbante ene mikakunu
Pwede nakung lakwan tabili king kaul

Ima kalupa na ning penabilin mu
Lalu kung samasan ing pamagaral ku
King kapagalan mu pawas mung tinulu
Suklian ku king lugud at iti pangaku

Samasan ku Ima kakung pakirasan
Iting paninap mu kaku yang iyampang
Potang magobra ku lubus da kang suywan
Grasya ning Guinung Diyos tune mung akamtan

Pagsusuring Tekstuwal Gamit ang Pormalismong Pananaw

Ang tulang ito ay karaniwang may sukat na kwarteto sa isang estrofa. May limang saknong ang tula na may labingdalawang taludtod. Ang sesura ay nasa ikaanim na pantig maliban lamang sa ikatlong saknong sa unang taludtod na nasa ikalimang pantig ang sesura at makikita rin sa ikalimang saknong sa ikaapat na taludtod ang sesura sa ikapitong pantig. May perpektong tugma na AAAA sa una, ikaapat at ikalimang saknong samantalang may tugmang AABB ang ikalawang saknong at ang ikatlong saknong ay may tugma lamang sa ikalawa at ikaapat na taludtod.

<i>Atatandanan ku/ anyang Grade 1 kupa</i>	A
<i>Etad nakung ma ku/ king eskwelang luma</i>	A
<i>Sinabi na kaku ya/ namang talaga</i>	A
<i>Ing lumang eskwelang/ pipagaralan na</i>	A
<i>Tatairan na ku/ king dalang malapad</i>	A
<i>Kaya yang sasabyan/ at pakasiwalat</i>	A
<i>Ining pamagaral/ dapat yang samasan</i>	B
<i>Ening talaturu/ sukat makiramdam</i>	B
<i>Ah,/ ngeni pala/ tsu na ku king "High School"</i>	*
<i>Enaku malati/ tune nang maragul</i>	A
<i>I Imang magbante/ ene mikakunu</i>	*
<i>Pwede nakung lakwan/ tabili king kaul</i>	A
<i>Ima kalupa na ning penabilin mu</i>	A
<i>Lalu kung samasan ing pamagaral ku</i>	A
<i>King kapagalan mu pawas mung tinulu</i>	A
<i>Suklian ku king lugud at iti pangaku</i>	A
<i>Samasan ku Ima kakung pakirasan</i>	A
<i>Iting paninap mu kaku yang iyampang</i>	A
<i>Potang magobra ku lubus da kang suywan</i>	A
<i>Grasya ning Guinung Diyos tune mung akamtan</i>	A

Ang huling taludturan sa ikaapat na taludtod ay may bilang na labing tatlong pantig kaya di maituturing na ganap na sukat ang huling estrofa.

Ang mga salita'y magagaan upang maintindihan ang salaysay ng persona na kasangkot sa tula. Ang paggamit ng mga salitang "malati" at "maragul" ay inihalili sa edad ng persona na mula pagkabata ay isa na siyang binata na may isang tungkuling matuto na ingatan ang sarili. Ang paggamit naman ng "pawas" na mababanaag sa ikaapat na saknong ay nagpapakahulugan sa pagod na naranasan ng ina sa pagpapalaki sa persona na ito'y susuklian ng pagmamahal.

Ang tula'y inilahad ang isang tagpo ng buhay na magsisimulang mabuhay na mag-isa na hindi nakadepente sa kanyang ina. Malinaw na pinakita ang transisyon ng isang bata patungo sa isang yugto ng pagbabago mula sa paggunita ng karanasan mula sa unang saknong hanggang sa kinabukasang nais ng persona sa huling saknong.

Pagsusuring Kontekstuwal sa Pananaw Kultural

Isang karaniwang takbo ng kulturang ginagalawan ang tulang sinusuri. Ang pag-aaantabay ng ilaw ng tahanan sa isang batang magsisimula pa lamang sa pag-aaral ay isang tungkulin (McEachem et. al, 2011).

Isang modelo ng pag-aantabay ang isang ina sapagkat siya'y madalas na maiwan sa tahanan. Ang tungkulin ng ina ay may hangganan dahil kinakailangang bitawan ang bata upang unti-unting mabuhay sa sarili. "*I imang magbante ene mikakunu, pwede nakung lakwan tabili king kaul*". Ang pangkaraniwang habilin ng ina gayundin sa mga ama sa tahanan na ayusin ang pag-aaral ay buwang-bibig ng halos lahat ng magulang. "*Ima kalupa na ning penabilin mu, lalu kung samasan ing pamagaral ku*". Ang inspirasyon ng isang tao sa isang mapag-arugang magulang ay isa nang sistemang pangarap ng tao na hangad ng lahat. Ang buong tula ay normal na takbo ng lipunang bahagi ng kulturang Kapampangan at ng bansa.

Pagsusuring Subteksto sa Pananaw Moralismo

Ang tula'y nagtuturo na pahalagahan ang ina na napakahalaga sa buhay ng bawat isa. Ang ina ang umaantabay at nag-aaruga. Gayundin, siya ay nagbibigay ng higit na pagmamahal. Nais ng makatang ipakita ang isang karanasang magpapalapit sa ugnayan ng ina at anak. Magunita ang mga araw na lumipas at maisali ang ina sa lahat ng inspirasyon at walang hanggang pangarap. Ang lahat ng estropa ng tula ay laging kasangkot ang ina ng persona na nagpapatikad sa pagmamahal na iniuukol sa kanyang anak.

Ang ganitong tula ay isang mabuting pagtalakay sa higit na lalim ng paghukay ng ginto na madalang masumpungan ng hindi nakakaranas ng higit na karanasan ng paghukay ng pagmamahal na kinakailangang matamo sa ikalilalang ng emosyonal na aspeto ng tao (Andres, 1994).

Dalaginding

Dalaginding

Dr. Lucena P. Samson

Aru kalagu na nitang dalaginding
Lalakad king dalan a pataling-taling
Anak ne mo pala nitang atsing Maring
Malagung asawa nitang Kakang Turing

Labing adwang banua iti nang milabas
King edad nang Rita maragul ya bulas
Pisngi nang malare timan nang matimyas
Itang binatilyo pilmi yang mabihag

O neng pauli ning tune yapang anak
Pane yang makyalung maranun pang abak
Anak a malati tipunan nong agad
Makisalikutan karin king mapalat

Misan king mapalat nyang sasalikut ya
Lalaking balbasan sinulput yang bigla
King aske nang Rita uling maragul ya
Balbasang lalaki nanu ing gawan na?

King takut nang Rita milaing mabilis
Pauli karela dalan memalisbis
Lalakingbalbasan kaya yang tegalan
Halus misakab ya king masuksuk dalan

Ikwa neng arakap ning taong balbasan
Migmakalunus yang e pinasakitan
E ka sa tatakut o kanakung hirang
E mu gaganakan eraka man nanan

Tara atad daka keta king kekayu
Enaka mamyalung king palat ning atbu
King edad mu dose't lupa mung malagu
Pota masaul la ding tau king tuksu

Manibat kanita tindanan nang Rita
Mekyalung ali ne at telaga na na
King edad nang dose dapat nang magsadya
Uling papunta ne king panga dalaga

Pagsusuring Tekstuwal Gamit ang Pormalismong Pananaw

Ang tulang ito ay isang kombensiyunal na tulang may sukat at tugma. May bilang na labingdalawang pantig sa isang taludtod. Karaniwang bilang na kwarteto sa isang estropa at walong saknong na may perpektong tugma sa lahat ng saknong. Ang sesura ay may perpektong hati sa ikaanim na pantig.

Aru kalagu na/ nitang dalaginding A
Lalakad king dalan/ a pataling-taling A
Anak ne mo pala/ nitang atsing Maring A
Malagung asawa/ nitang Kakang Turing A

Labing adwang banua/ iti nang milabas A
King edad nang Rita/ maragul ya bulas A
Pisngi nang malare/ timan nang matimyas A
Itang binatilyo/ pilmi yang mabihag A

O neng pauli ning/ tune yapang anak A
Pane yang makyalung/ maranun pang abak A
Anak a malati/ tipunan nong agad A
Makisalikutan/ karin king mapalat A

Misan king mapalat/ nyang sasalikut ya A
Lalaking balbasan/ sinulput yang bigla A
King aske nang Rita/ uling maragul ya A
Balbasang lalaki/ nanu ing gawan na? A

King takut nang Rita/ milaing mabilis A
Pauli karela/ dalan memalisbis A
Lalakingbalbasan/ kaya yang tegalan B
Halus misakab ya/ king masuksuk dalan B

Ikwa neng arakap/ ning taong balbasan A
Migmakalunus yang/ e pinasakitan A
E ka sa tatakut/ o kanakung hirang A
E mu gaganakan/ eraka man nanan A

Tara atad daka/ keta king kekayu A
Enaka mamyalung/ king palat ning atbu A
King edad mu dose't/ lupa mung malagu A
Pota masaul la/ ding tau king tuksu A

Manibat kanita/ tindanan nang Rita A
Mekyalung ali ne/ at telaga na na A
King edad nang dose/ dapat nang magsadya A
Uling papunta ne/ king panga dalaga A

Ang tulang ito ay maituturing na tulang pasalaysay sapagkat kinakitaan ito ng ilang elemento ng kuwento gaya ng tagpuan, mga tauhan, suliranin, kasukdulan, kakalasan at wakas. Magaang basahin ang tula at ang mga salita'y karaniwan upang maintindihan sa isang upuan lamang.

Mapapansin dito ang tauhang si Rita na isang batang babaeng labingdalawang taong gulang at isang lalakeng malaki at mabalbas na sa paglalarawan ay may imaheng nakakatakot. Ang buong salaysay sa tula'y nagpapakita ng kaisipang kinakailangang mapansin ang pagbabago ng pagdadalaga ni Rita sa takbo ng buhay niya bilang tao. Ang pagbabagong ito ay hindi pansin ng pangunahing tauhan at nakikipaglaro pa sa mga kapwa-bata

ngunit sa engkwento ng lalaki at ni Rita ay napagtanto na kinakailangang mag-ingat dahil patungo na siya sa pagdadalaga.

Pagsusuring Kontekstuwal sa Pananaw Kultural

Ang tulang ito ay pinapanatili ang kultura ng pagiging babae sa Pilipinas at gayun na rin sa ating lokal na kultura. Ang babae ay isang diyamenteng iniingatan lalo na sa kanyang pagdadalaga. Ang unang bahagi ng tula ay nagpapakita ng kawalang-malay ni Rita sa pagbabagong nangyayari sa kanya. Ang pangyayari sa damuhan at ang imahe ng mamang may masamang persepsyon sa dalaga ay epekto ng impluwensya ng midya gaya ng telebisyon na pinapakita na ang nakakatakot na imahe ay kinakailangang katakutan at may laging masamang balak sa mga kadalagahan.

Ang babae sa tagpo ng pagdadalaga ay karaniwang binabantayan ng pamilya at may oras lamang sa paglabas ng bahay at kinakailangang nasa tahanan bago magtakip-silim. Napakahalaga pa rin na maalagaan ang babae sa pamilya at higit na pinoproteksyunan kaysa sa lalakeng anak.

Ngunit ang lipunan ay nagbabago at madalas na nawawala ang ganitong kultura. Dumarami ang mga babaeng napapabayaang dahil sa walang pagmamatayag ng magulang. Madalas na rin ang pagsusuot ng maiikling mga damit dahil sa impluwensiya ng kanluranin. Ang babae na mayumi ay nababahiran ng pagiging liberal sa pagsasalita madalas na may pasikretong umiinom ng alak at nagsisigarilyo na nagwawasak sa lumang kultura ng babae.

Pagsusuring Subteksto sa Pananaw Moralismo

Huwag humusga sa panlabas na kaanyuan. Ito ang mensaheng pinapahatid ng tula sa mambabasa. May damdaming takot si Rita sapagkat napagkamalang gagawa ng masama ang lalakeng agarang natutulong ang kailangang mabatid ni Rita ukol sa kanyang buhay. Ang paghuhusga ay madali sa tao ngunit ang pagkilatis sa ugali at hangarin ay hindi madaling mapagtanto. Ayon kay Andres (1994), madalas na nalililang ang karamihan sa kinang ng pisikal na kaanyuan at hindi na nabibigyan ng panahong maibabad ang sarili sa taong hinuhusgahan upang makita ang ginto ng puso.

Isa pang aral ay malinaw na pinakita sa huling saknong. "*Manibat kanita tindanan nang Rita, Mekyalung ali ne at telaga na na, King edad nang dose dapat nang magsadya, Uling papunta ne king panga dalaga*" Pinaparating ng makata sa mga mambabasa na nagbabago ang lahat at kasabay ang pagtanda sa lahat ng aspeto ng pagkatao. Pinapatimo ng tula ang kaasalan na nararapat na taglayin ng isang dalaga sa mga tungkuling nararapat na matanto sa pagbusilak ng mga talulot at maiwasan ang nakasanayang gawi para umagapay sa tamang pamantayan ng nararapat na kilos o gawi ng isang batang patungo sa pagiging dalaga.

Tara na Tara na, Kalupa ning Ayup, Berug nakung Tatang

Kalupa Ning Ayup

Bisa kung sulapo
Kalupa ning ayup
Tuki ku king angin
Dugpa kareng dutung

Karin mamyalungan
Magkantang malambing
Busal na ning gubat
Siwalang masanting

Tara Na Tara Na

Tara na Tara na
Karin tamu munta
Dakal lang butiti
King malating sapa

Tara dakpan tala

Sesen karing mula
Kulkul tamung sibul
Karin ibili la

Berug Nakung Tatang

Tatang aruy ko po
Kasakit na naman
Pilantik ning kwayan
Buldit mung berugan

Yaku kasi naman
Ating kasalanan
O bat gisan ku ngan
Ing kekatang ulam

Pagsusuring Tekstuwal Gamit ang Pormalismong Pananaw

Ang mga tulang ito ay maituturing na may sukat na dalawang estropa, Kwarteto o apat ang taludtod sa isang estropa at anim na pantig sa isang taludtod ngunit ang bawat isa ay may magkakaibang porma ng tugma katulad ng tulang "Kalupa ning Ayup" na walang tugma ang unang saknong kaya maituturing itong blankong berso o di-tugmang taludturan at ang pangalawang saknong naman ay may tugma lamang sa ikalawa at ikaapat na taludtod.

*Bisa kung sulapo
Kalupa ning ayup
Tuki ku king angin
Dugpa kareng dutung*

*Karin mamyalungan
Magkantang malambing
Busal na ning gubat
Siwalang masanting*

Ang Tulang "Tara na Tara na" ay magkatugma ang una, ikalawa at ikaapat na taludtod ngunit ang ikatlo ay iniwang kakaiba ang huling pantig.

*Tara na Tara na
Karin tamu munta
Dakal lang butiti
King malating sapa*

*Tara dakpan tala
Sesen karing mula
Kulkul tamung sibul
Karin ibili la*

Ang tulang "Berug nakung Tatang" ay may tatlong magkakatugmang taludtod sa ikalawa, ikatlo at ikaapat sa unang estropa samantalang may perpektong tugma naman ang ikalawang saknong.

*Tatang aruy ko po
Kasakit na naman
Pilantik ning kwayan
Buldit mung berugan*

*Yaku kasi naman
Ating kasalanan*

*O bat gisan ku ngan
Ing kekatang ulam*

Simple lamang ang mga salitang ginamit sa mga tula na maaring magpagandak sa isang batang makapagsulat ng mga maiikling tula. Angkop ang mga salita at pangyayari sa buhay ng mga batang nasa elementarya lalo na sa antas praymarya. Ang imahinasyon ng isang bata ay malilininag lalo na sa tulang "Kalupa ning Ayup". Ang simpleng pagtutulad ay makikita rin sa tulang nabanggit.

Ang mga karanasan ng pagiging bata ay nagiging paksa o tuon ng mga tula. Ang tulang "Tara na tara na" ay naglalahad ng karanasan ng pagiging bata na kasama ang kapwa-bata sa paghanap ng butete sa isang sapa at paglalaro nito at paggawa ng sibol upang doon makapaglaro nang tuluyan. Pinapagana naman ang imahinasyon ng tulang "kalupa ning Ayup" na pinapalipad ang mambabasa sa pagpapabaya sa hangin at paglaro sa mga sanga ng puno kasabay ng pagkantang may lugod sa puso. Ang tulang "Berug Nakung Tatang" ay nagpapakita ng isang eksena ng tatay sa pagdidisiplina sa nagkamaling anak. Ang mga tulang ito ay tunay na pambata ang katangian.

Pagsusuring Kontekswal sa Pananaw Kultural

Ang mga bata ay may mga simpleng gawaing makikita sa mga tula. Ang nakasanayang maglikha ng sariling mundo, magkamali at maglaro. Simple mang maituturing ang mga kilos at nakaugalian ngunit ito'y napakahalaga sa buhay ng pagiging bata. Ang pananatili ng ganitong kultura ay isang napakalusog na karanasan na masayang magunita sa takbo ng pagtanda.

Ngunit may mga batang hindi na nakakapaglaro at hindi na napagtatanto ang mali. Ang mga batang pulubing makikita sa daan at sa mga mataong lugar ay sadyang dumarami sa kasalukuyan. Gayundin ang mga batang nagtratrabaho imbes na maglalaro. Ang kawalan ng panahon upang paganahin ang imahinasyon, magkamali at maglaro ay unti-unting napaparam sa talasalitaan ng mga batang nasasadlak sa maagang pagtratrabaho. Ayon kay Noguchi (2010) Ang mga ibang bata na imbes na maturuan ng tama ay inuudyukan pa ng ibang magulang na maghingi ng pera sa ibang tao at magtratrabaho kahit walang tulog at pahinga upang makahanap lamang ng perang magiging gamit upang maibsan ang gutom.

Nakakalungkot isipin na patuloy na nawawalan ng panahon ang ilang mga batang maging masaya sa yugto ng pagkabata na magpapaibayo sa kasiyahang dulot ng pagiging bata at mababahiran ng kalungkutan at kasakitan na magiging bahagi ng kanilang sistema.

Pagsusuring Subteksto sa Pananaw Moralismo

Pinapakita ng makata ang ilang aral upang mahulma ang kaisipan ng mga batang mambabasa. Ang tulang "Berug Nakung Tatang" ay nagtuturo ng pag-amin sa nagawang pagkakasala. Pinakita sa ikalawang saknong ang pag-amin sa kasalanan. "*Yaku kasi naman ating kasalanan, O ba't gisan ku ngan, Ing kekatamung ulam*". Ang pag-iintindi rin sa iba ay itinuturo rin sa tulang nabanggit. Ang dalawang tulang natitira ay nagtuturong maibahagi ang karanasan at simpleng pangarap sa buhay. Nais ng makatang ipakita na sa pamamagitan ng tula ay maikikintal ang ilang pagpapahalagang matitimo sa isipan at puso (Andres, 1994).

Implikasyon nito sa pagtuturo ng tula sa Kapampangan

Ang karaniwang may sukat na tugma ng tula at pagiging magaan ng mga salitang Kapampangan ay isang napakahalagang pagkakataong makapagturo ng mga tulang magiging panimula sa mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat. Ang mga maiikling tula na ang mga tema ay ukol sa mga karanasang pambata ay makakatulong sa mga guro at mag-aaral na makapagsulat muna ng mga maiikling tula na madaling gawin at masayang alalahanin. May pagkakataon na ang mga naisaling tulang pambata ay kinakitaan ng iba't ibang klaseng tugma na magbibigay giliw at saya sa karanasan sa pagsulat ng tula. Nakitaan din ng blankong berso ang isang sinuring tula na magbibigay ng pagkakataong masubukan ang isang uri ng pagsulat ng tula na walang tugma. Ang pagdaragdag sa mga aralin sa mga tulang pambata sa malikhaing pagsulat ay pagsilip sa iba pang barayti ng tula na magpapalawak pa lalo sa sakop ng mga mambabasa sa mga lilikhaing tula.

Malaking tulong din ang mga tulang pambatang sinuri sa kultura ng mga kabataang Kapampangan lalo na ang mga mag-aaral sa sekondarya. Makakatulong ng malaki sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat na bagtasin ang pag-aaral sa karanasan ng mga bata na nagbibigay lugod sa mga nagsisimulang maging makata. Ang pagtuturo ng kultura ng mga bata ay makakatulong sa paggunita ng mga karanasang magaganda gayundin ang mga di-kanais-nais na karanasan upang magabayan ng guro at maproseso ang kulturang nakasanayan upang mabigyan ng direksyon at maipakita ang kaluluwa ng makata sa kanyang mga tulang isinusulat. Ang personalidad ng sumisibol na makata ay mabibigyan ng pansin sa pamamagitan ng mga lunsarang tulang pambatang magiging kasangkapan

upang maganyak sa pagkatuto at pagsulat na hahantong sa kasinangan at pagiging katangi-tangi ng mga tulang Kapampangang hinulma ng kultura ng pagiging bata.

Ang pagtuturo ng asal sa mga bata ay maaaring idaan sa panulaan. Ito ang pinakita sa mga tulang sinuri sa bahaging ito ng pag-aaral. Ang mga tula ay hitik sa pagtuturo sa wastong asal ng pagdadalaga at gayon na rin sa pagbibinata. Lalo na sa mga gawi at asal na kinakailangang makamit ng isang bata sa pag-usad nito sa isang yugto ng pagiging binata at dalaga. Ang mga karanasang magagaan ay wastong isinabuhay ng makata na epektibong maikikintal sa mga baguhang makatang magtatangka sa pagsulat. Ang mga tula ay higit na mapapahalagahan lalo na't ang mga ito'y maari pang gamitin sa pagtuturo sa mga bata na maaring impluwensiyahan sa mabuti at maimpluwensiyahan din sa pagkatuto ng pagsulat.

Maipapakita sa mga Talahanayan bilang isa hanggang tatlo ang resulta ng naisagawang pagsusuri :

Talahanayan Bilang I. Resulta ng Pagsusuri sa Piniling Tulang Pambata sa Tekstwal na Pagbasa Gamit ang Pormalismong Pananaw.

PINILING TULA	SUKAT	TUGMA	ESTETIKO/ TAYUTAY	TEMA/ KAISIPAN	SESURA
High School Na ku	Karaniwang may sukat na kwarteto sa isang estropa	Tugmang Ganap na AAAA at ABBB	Simbolismo, Paggamit ng magagaan salita	Paglahad ng isang tagpo ng buhay	Ikaanim na pantig
Dalaginding	Kombensyunal na Tulang may sukat at tugma	Perpektong Tugma	Paggamit ng elemento kuwento	Pagdadalaga	Ikaanim na pantig
Tara Na Tara Na	Dalawang estropa at kwarteto bawat saknong	Magkatugma sa una, ikalawa at ikaapat na taludtod	Magagaan na salita	Karanasan ng pagkabata	Ikaanim na pantig
Kalupa Ning Ayup	Dalawang estropa at kwarteto bawat saknong	Blangkong berso, tugma sa ikalawa at ikaapat na taludtod	Magagaan na salita, Pagtutulad	Imahinasyon	Ikaanim na pantig
Berug Nakung Tatang	Dalawang estropa at kwarteto bawat saknong	Perpektong tugma	Magaan na salita	Pagdidisiplina sa nagkamaling anak	Ikaanim na pantig

Ang mga tulang pambatang di-nalathala ay halos kwarteto ang bilang ng mga estropa, magagaan ang mga salitang ginamit na natural a katangian ng tulang pambata. Ang mga tugma ay perpekto at ang mga tema ay ukol sa pagpapalaki at paghahanda ng bata sa pagiging dalaga at maging na rin ang mensahe ay pati sa mga magiging binata. Ang sesura ay nasa ikaanim na pantig.

Nasuri ang mga piniling tula sa Kontekstwal na Pagsusuri batay sa Kultural na Pananaw. Isinaalang-alang ang mga kraytirya sa pagsusuri at mula sa kraytirya ay lumabas ang resulta ng pag-aaral at maipapakita ito sa Talahanayan II.

Talananayan Bilang II. Resulta ng Pagsusuri sa Piniling Tulang Pambata sa Kontekstuwal na Pagbasa Gamit ang Kultural na Pananaw.

PINILING TULA	Nakasanayang Kaugalian at pamumuhay ng tao	Isyung Panlipunan at Ugnayan ng Kultura sa Pambansang Kalagayan	Nakalipas na Pangyayari na nagugat sa pagbabago ng lipunan at Popular na impluwensyang namalasak sa mga Kapampangan
High School Naku	Pag-aantabay ng ina sa kanyang batang anak sa pagsisimula niyang mag-aral sa paaralan	Ang tungkulin ng ina'y magabayan upang mamuhay ring mag-isa balang araw	Ang inspirasyon ng isang anak ay napupunta sa magulang na nagsasakripisyo alang-alang sa kapakanan nila
Dalaginding	Ang babae sa tahanan ay may dobleng pag-iingat sa pamilya	Pagiging liberal sa kasuotan at pananalita ng mga modernong kababaihan.	Ang kababaihan noon na sadyang may matimpi at mayuming pagkilos at pananamit na ikinumpara ngayon na sadyang kabaligtaran sa pag-uugali at pananamit
Tara Na Tara Na	Ang simpleng gawain ng mga bata sa paglalaro	Ang kawalan ng panahon ng ibang batang makapaglaro dahil sa maagang pagtrabaho	Ang child labor ay patuloy na nagaganap sa mga kalye at sa probinsiya.
Kalupa Ning Ayup	Ang pagpapagana ng imahinasyon ng mga bata sa paglalakbay sa imposibleng puntahan	Ang kawalan ng panahong paganahn ang imahinasyon dahil sa kahirapan at maagang pagbubuno o pagtrabaho	Ang mga bata na namamalimos sa daan ay isa ng pangkaraniwang imahe sa lipunan
Berug Nakung Tatang	Ang pagkakamaling nagagawa ng isang bata sa kanyang buhay	Ang pagdidisiplina sa pagkakamali ay karaniwang makikita sa buhay ng mga bata	Ang masamang imahe ng pagkabata ay madadala hanggang sa pagtanda

Ang mga tula sa bahaging ito ay pangkaraniwang kultura ng isang bata at sa kanyang paglaki. Makikita ang ganitong kultura sa buong kapuluan ng bansa. Ang responsibilidad ng ina sa anak at gayundin ang nagdadalaga at nagbibinata ay pinakita sa mga napiling Kapampangang tulang pambata.

Nasuri ang mga piniling tula sa Subtekstong Pagsusuri batay sa Moralismong Pananaw. Isinaalang-alang ang mga kraytirya sa pagsusuri at mula sa kraytirya ay lumabas ang resulta ng pag-aaral at maipapakita ito sa Talananayan III.

Talahanayan Bilang III. Resulta ng Pagsusuri sa Piniling Tulang Pambata sa Subtekstong Pagbasa Gamit ang Moralismong Pananaw.

Piniling Tula	Hiwaga at Natatagong Mensahe na nais ipabatid ng makata	Kagandahang-asal at Wastong Pamumuhay	Maling Gawaing Nakita sa Tula
High School Naku	Ang pagmamahal ng ina sa anak at sa anak at ina ay hindi matatawaran	Ang walang halagang pagmamahalan ng ina at ang anak	Walang nakitang mali sa tula
Dalaginding	Ang babae sa panahon ng pagdadalaga ay nararapat na maging maselan sa kinikilos at pananamit	Ang pagtanto at pagtanggap na pagbabago ay isang positibong kaugalian	May pagkakataong nahuhusgahan ang iba sa pisikal na katauhan
Tara Na Tara Na	Ang simpleng gawain ay nadudulot ng kasiyahan sa loob ng puso	Ang simpleng buhay ay bunga ng pagiging kontento	Walang nakitang mali sa tula
Kalupa Ning Ayup	Masayang mangarap	Ang mangarap ay isang ugaling sapat ding malasina	Hindi dapat mamuhay sa pantasya lamang
Berug Nakung Tatang	Intindihin ang iba at hindi ang sarili lamang	Pag-amin sa nagawang pagkakasala	Pagiging makasarili

Ang mga tula sa bahaging ito ay nagpapakita ng kaasalan na nararapat na taglain ng bata at magiging isang binata at dalaga. Ang mga ito ay maaring maging santungan ng pagkatuto at pag-alala sa mga nagawang mali noong bata at sariwain ang pagiging bata sa mga naturang napiling tula.

Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napag-alaman na ang mga piling tulang pambatang Kapampangan ni Dr. Lucena P. Samson ay nagtataglay ng malinaw na estrukturang pampanitikan na angkop sa panulaang pambata. Ang mga tulang sinuri ay karaniwang gumagamit ng payak na wika, malinaw na sukat at tugma, at mga imaheng madaling maunawaan ng mga batang mambabasa.

Lumabas din sa pagsusuri na ang mga tula ay sumasalamin sa mga karanasang pangkultura ng mga batang Pilipino, tulad ng ugnayan sa pamilya, pagdadalaga at pagbibinata, at ang karanasan ng paglalaro at paggamit ng imahinasyon. Ang mga temang ito ay nagpapakita ng malapit na ugnayan ng panitikang pambata sa kulturang kinabibilangan ng mga mambabasa.

Higit sa lahat, ipinakita ng pag-aaral na ang mga tulang pambatang Kapampangan ay naglalaman ng mahahalagang aral na maaaring makatulong sa paghubog ng pagpapahalagang moral ng mga kabataan. Dahil dito, ang mga tulang sinuri ay may malaking potensiyal na magamit bilang kagamitang pampagtuturo sa panitikan at malikhaing pagsulat.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihaharap:

1. Maaaring magsagawa ng iba pang pananaliksik na tutuon sa pagsusuri ng iba pang tulang pambatang Kapampangan upang higit pang mapalawak ang kaalaman tungkol sa panitikang rehiyonal.
2. Maaaring gamitin ng mga guro ang mga tulang pambatang Kapampangan bilang kagamitang pampagtuturo sa panitikan at malikhaing pagsulat upang mapalakas ang kamalayang kultural at pagpapahalaga sa lokal na panitikan.
3. Maaaring magsagawa ng mga susunod na pag-aaral na susuri sa iba pang anyo ng panitikang Kapampangan upang higit pang maitaguyod ang pagpapahalaga sa panitikang rehiyonal.

MGA SANGGUNIAN

- Andres, T. Q. D. (1994). Dictionary of Filipino culture and values. Giraffe Books.
<https://catalogue.nla.gov.au/catalog/1995093>
- Cruz, R. (2013). Pagsusuri sa mga piling tulang Kapampangan: Implikasyon sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa Filipino, Unpublished Thesis, Angeles University Foundation
<https://www.slideshare.net/slideshow/pagsusuri-sa-mga-piling-tulang-kapampangan/81619997>
- Evasco, E., Navarro, A., Ortiz, W., Rodriguez-Tatel, M.J., & Antonio, L. (2011). Saliksik: Gabay sa pananaliksik sa agham panlipunan, panitikan at sining, C & Publishing, Inc.
<https://www.goodreads.com/book/show/13078110-saliksik>
- McEachem A., Dishion, D., Weaver, C., Shaw, D., Wilson, M. & Gardner, F. (2011). Parenting Young Children (PARYC): Validation for a self-report parenting measures. *Journal of Child and Family Studies*. 21(3), 498 – 511. <https://doi.org/10.1007/s10826-011-9503-y>
- Noguchi, Y. (2010). 20 years of the convention on the rights of the child and international action against child labour. *International Journal of Children's Rights*, 18(4), 515-534.
https://labordoc.ilo.org/discovery/fulldisplay?vid=41ILO_INST:41ILO_V1&docid=alma994640223402676&context=L
- Teodoro, J. (2022). Ang literaturang Filipino ayon kay Lumbera. TOMAS. 3(3a), 104-108.
<https://tomas.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2022/11/17.pdf>
- Wilson, A. (2007). Finding a voice? Do literary forms work creatively in teaching poetry writing? *Cambridge Journal of Education*, 37(3), 441-457. <https://doi.org/10.1080/03057640701546789>
- Vizcarra, F. (2003). Introduction to educational research, Great Book Trading.
https://books.google.com.ph/books/about/Introduction_to_Educational_Research.html?id=cCXAQAACAAJ&redir_esc=y